

Mga Tanong para sa Miyembro ng Komunidad

Mga Kard ng Pag-uusap para sa Pagbuo ng Tiwala

Layunin: Ang layunin ng tool na ito ay upang magkaroon ng mga ideya para sa tanong na maaaring gamitin ng mga guro sa mga miyembro ng komunidad upang makatulong na bumuo ng tiwala at mga ugnayan ng pakikipagtulungan na konektado sa mga nag-aaral ng maraming wika at sa kanilang mga pamilya. Hindi ito isang komprehensibong listahan ng mga tanong kundi isang listahan ng mga ideya. Inilaan ang mga tanong upang magamit sa Template ng Kard ng Pag-uusap ng WIDA (WIDA Conversation Card Template).

Mga Tagubilin: Pumili ng ilang tanong na angkop sa iyong konteksto o gumawa ng sarili mong tanong. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng tanong. Isulat ang mga tanong na gusto mong gamitin sa Template ng Kard ng Pag-uusap, at pagkatapos ay i-print ang mga ito para sa iyong pag-uusap. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga kard ng pag-uusap sa panahon ng isang pagbisita sa isang organisasyon ng komunidad o sa ibang pormal o impormal na okasyon o pag-uusap.

Mga Pagsasaalang-alang para Magamit Sa Mga Miyembro ng Komunidad

- **Kasalukuyang antas ng pagtitiwala:** Isaalang-alang kung gaano kalaki ang inyong ugnayan habang ginagamit at ibinabahagi mo ang mga kard ng pag-uusap. Ang pagpipilit ng format na tanong-at-sagot sa maagang pakikipag-ugnayan sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad ay maaaring hindi sadyang lumikha ng presyon, kung saan nagiging dahilan ito para hindi sila maging kumportable sa halip na makaramdam na sinusuportahan sila.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa iba't ibang paraan:** Isaalang-alang ang maliliit na kilos na nagpaparamdam sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika na sila ay tinatanggap at pinahahalagahan. Gumamit ng mga simpleng pagbati sa kanilang sariling mga wika. Ibahagi ang sarili mong mga karanasan kung nag-aaral ka ng Ingles o migrante; ipakita ng pagiging mapagkumbaba, kahalagahan sa mga wika ng mga pamilya, at isang paninidigan sa pag-aaral kung wala sa dalawa. Makakatulong ito sa pagbuo ng empatiya at pagiging relatable. Kahit na ang maliliit na pagsisikap ay maaaring maging malaking tulong sa pagpaparamdam sa kanila na sila ay nakikita.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa paglipas ng panahon:** Ipakita na ikaw ay bukas at magiliw, at pinahahalagahan ang mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika sa pamamagitan ng maraming pakikipag-ugnayan. Nangangahulugan ito ng pakikinig sa kanilang mga kuwento at pangangailangan, pagtugon sa kanilang feedback at mga ideya, pagkonekta sa mga lugar na gusto nila, at pag-aalok ng mga oportunidad sa pakikipagtulungan. Gawing isang patuloy na gawi ang pagbuo ng ugnayan.

Mga Tanong para Gamitin ng Mga Guro Sa Mga Miyembro ng Komunidad

Pagsisimula ng Pagbuo ng Ugnayan

Pangangalap ng Impormasyon Tungkol sa Organisasyon ng Komunidad

1. Mangyaring ibahagi ang tungkol sa iyong organisasyon at ang misyon at mga pamantayan nito.
2. Paano ka kasalukuyang nakikipagtulungan sa mga nag-aaral ng maraming wika at/o sa kanilang mga pamilya?
 - a. Sabihin mo sa akin kung paano mo nilikha ang mga kaaya-ayang kapaligiran (welcoming space) para sa mga nag-aaral ng maraming wika at sa kanilang pamilya.
 - b. Paano ka bumuo ng mga ugnayan sa mga nag-aaral ng maraming wika at sa kanilang pamilya sa paglipas ng panahon?

Pagdadala ng mga Koneksyon sa Komunidad sa Paaralan

3. Paano sa palagay mo maaaring kumonekta ang aming paaralan sa iyong organisasyon upang masuportahan ang mga nag-aaral ng maraming wika at/o kanilang pamilya?
 - a. Batay sa iyong mga karanasan sa mga nag-aaral ng maraming wika at sa kanilang pamilya, anong mga programa, serbisyo, o mapagkukunan ang gusto mong makita sa aming paaralan?
 - b. Paano namin mapapalakas at maisasama sa aming paaralan ang mga interes, karanasan, wika, at kaugaliang pangkultura ng mga pamilyangnagsasalita ng maraming wika?
4. Paano namin maisasama ang mga aspeto ng iyong gawain sa komunidad sa mga nag-aaral ng maraming wika at sa kanilang pamilya sa aming kapaligiran sa paaralan at/o pagtuturo sa silid-aralan?

Patuloy na Pakikipagtulungan

5. Anong mga lokal na okasyon o mapagkukunan ang maaaring makatulong na mapatibay ang koneksyon sa pagitan ng mga pamilyang nagsasalita ng maraming wika, sa komunidad, at sa aming paaralan?
6. Ano ang susunod na hakbang na maaari nating gawin nang sama-sama para mas mahusay na masuportahan ang mga nag-aaral ng maraming wika at ang kanilang pamilya?

Patuloy na Pagbuo ng Ugnayan

1. Kumusta ang mga bagay-bagay sa _____? (Magbahagi ng isang partikular na bagay na tinalakay mo sa nakaraan.)
 - a. Ano ang gumagana nang maayos?
 - b. Ano ang naging hamon?
 - c. Paano ako makapagbibigay ng suporta?
2. Ano pa ang maaari naming gawin para patuloy ang pagbuo ng pagtitiwala upang suportahan ang mga nag-aaral ng maraming wika at ang kanilang pamilya?
3. Ano pa ang maaari naming gawin upang palakasin ang ugnayan sa pagitan ng paaralan at ng iyong organisasyon?